

PAGSALAT SA PILAT

Mga Tula

Nilalaman

Pagsalat Sa Pilat/3

Ang Kahulugan Ng Hasa/5

Mayon/7

Ang Lungsod Ng Canaan/8

Milagros Ang Pangalan Ng Huling Bagyo/15

Ang Parabula Ng Uwak/17

Ang Saksi Ay Ebidensya At Napatunayang Nagkasala/20

Ang Kahulugan Ng Himbing/ 23

Ilang Bahagi Ng Katawan/ 25-30

Puso/ 25

Daliri/26

Suso/28

Bituka/ 29

Palad/ 29

Dito/31

Ang Lungsod ng Jerusalem/37

Veni Creator/39

PAGSALAT SA PILAT

Inaamin kong sa panahon ng tag-ulan ko nakuha ang sugat.

Lumangoy ako sa magkahalong burak at baha na parang suka ng isang dambuhala. Sana'y nakuha kong lunurin ang takot— ang mga uod ng niyog na kinakain pati ang aking mga pilat.

At dahil hindi itong tagtuyot ang gamot sa isinarang pandama, lalong pinamamanhid ng araw ang natitirang bahagi ng utak.

Maaari bang manglanggas sa panahong unti-unting nalalagas ang mga natitirang dahong pilit na kumakapit sa sangang kalansay— habang dahan-dahang hinahawi ng hangin ang mga buhangin upang ipakita ang mga nakakubling bangkay na ngayon ay payapang ginagawang pataba ng lupa?

Malamang dahil sa tagtuyot na ito ay muling mahimok na bumisita ang mga turista upang malula sa utog na utong ng bulkan at dagdag atraksyon ang lamat ng nakaraang pinsala. Nakatitiyak ako na may darating na parang mga uwak at pagpipiyestahan ang aming sugat. Magpakuha sa mga guho. Kunan ang sandali. Maaaring bumili sila ng ilang gamit na maiuuwi: sundang, bag na abaka, rosaryong yari sa buskay o larawang kuha ng sumasabog na bulkan.

Sa isang banda, marahil may isang hindi na hihingiing iabot pa ang sukli: ‘Abuloy ko na yan ‘Ne...’, sabay hawak sa kamay ng batang tintera at tiklop ng kanyang mata na parang dalagang pasaklot na hinangin ang suot na palda. Samantalang ang ilan sa kanila ay maaaring magkatuwaang maghanap ng mga batong gagawing anting-anting, hihimas-himasin at uusisain kung puwedeng gawing panghilod o ilagay sa akwaryum, na sa kalauna’y maaaring maging pabigat na lamang ito kayâ kailangang ipukol sa kawalan habang nasa biyahe, ibinubulong: ‘Tabi-tabi po...’

ANG KAHULUGAN NG HASA

Hinahasa ng ilang kalalakihan ang kanilang sundang sa may ilog—

Dito dumaloy ang mga graba at bato palabas sa gulpo ng Albay,

kasama ang mga nabungkal na saging, pulomaria at niyog.

Tinitingnan nila ang talim ng kanilang itak habang nakaturo sa araw.

Kulay pilak ang dulo. Nag-aagawan ang mga aso ng nagkapira-

pirasong manyika. Nakadilat ang mga asul na mata nitong nakapukol

ang tingin sa kalangitan. At putol ang mga kamay. Marahil may amoy

ng laman na naiwan sa plastik. Binabanlawan ng ilang babae ang kumot,

kurtina, stuffed toys. Sa gitna nila ang isang de-bateryang radyo. Darating

ang pangulo. Paputol-putol ang salita ng nagbabalita. Babaha ng sardinas

bigas, pako, yero at pala. Naghahanap ang mga bata ng ligaw na tsinelas

na binibili sa tindahan ng mayamang tugalsik. Aayusin bukas ang mga poste

at ibabalik ang nasirang bubong ng kapilya. Dumulog ang kapitan at kura.

Tuwing gabi, may piging ang mga kalalakihan sa baryo, sukbit nila

ang mga bagong hasang sundang. Bago simulan ang ronda ng tagay—

Magbibigay ang isa ng ilang patak ng alak para sa lupa, para sa demonyo.

Itatapon ito sa direksyon ng bulkan. May makakaalala sa mga titik ng pangalan ng kasamahang inanod ng baha't putik. Ilang beses na daraan ang mga anghel.

Magsasalita ang saksi sa kabayanihan ng sundalong kumpare hanggang umabot sila sa mga kinasanayang debate—Kung paano binago ng delubyo ang kanilang pakikipagtalik, kung bakit babae ang ipinangalan sa bagyo at bakit walang silbi

ang Birhen. At kapag natapos na ang pagpitik sa alaala at puros tinik na ang pulutan, maghahasik sila sa isa't isa nang mga mababagsik at mapanghimagsik na tigsik.

Humahalik na ang isang lalaki sa lupa. Eternal ang paghihulik ng dalagang bulkan.

MAYON

Ayon sa alamat, lason ng pana ni Pagtuga,
ang lumikha sa bulkan—libingan ito
ng dalagang namatay sa isang digmaan.

Ngayon, ano ang tutubo sa paanan ng Mayon
gayong nagiging malawak na itong sementeryo
ng abo, ng tao. Manganganak na kayâ ito?

Tinitigan ko ang nakangangang bulkan—binabalot
ng ulap at ng sariling usok ang tuktok, gatas sa labi.
Baka sakali, magpakita, nang may silbi ang kamera.

Sa ilang retrato na ibinebenta ng mga bata sa Cagsawa
lusaw na tae ang nagliliyab na lava, dumadaloy pababa.
Matandang nag-nganganga ayon naman sa isang makata.

Sa isang lumang postcard na nakita ko sa Antigo Mercado—
Kapag sa malayo, isa siyang magandang sikyung nakatanod,
Handa sa pagkapkap, naghihintay sa iyong pagpasok.

ANG LUNGSOD Ng Canaan

Nagsimula ang lahat nang biglang naging parang rambutan ang buwan na nasundan ng pagdilim ng tatlong araw. Sa una, hindi naman labis na nabagabag ang mga tao dahil maging sa ibang lungsod ay nangyari na ang mga ganitong signos at naaayon lamang sa kanilang posisyon sa uniberso ang nasabing pangyayari, sapagkat ayon sa mga pantas, isa lamang itong hiwaga ng Hilaga.

Kung tutuusin nga mapalad pa rin ang mga nasa Hilaga, sapagkat ayon sa punong saserdote, sa bahaging Timog, ni hindi nga nagpapakita ang araw sa loob ng isang dekada kung kayâ pinapaniwalaang ang mga tao roon ay nagsimula nang isama sa kanilang diyeta ang pagkain ng apoy na ibinebenta naman ng mga taga-Gitnang Silangan. Maliban sa pagkain ng apoy, umiinom din daw ng dugo ng kapwa tao ang mga taga-Timog dahil sa labis na lamig. May kakaibang init na dala ang dugo ng buhay na tao.

Wala pang taga-Hilaga ang nakarating sa Timog. May nagsasabing gawagawa lamang ng mga pantas sa Hilaga ang mga ganitong haka-haka tungkol sa kabilang lungsod. Matapos ang pagsasa-prutas ng buwan, binalikan ng mga pantas ang kanilang talaarawan upang tingnan ang ibang

pangyayaring naganap at pagtagni-tagtiin ang mga ito. Kailangang makapagbigay ng pahayag sa mga mamamayan ng lungsod.

Wala namang propetang hindi tinanggap ang lungsod kayâ mangyaring walang diyos ang nagalit sa kanila. Batas ng mga taga-Hilaga ang pagtanggap sa bawat estranghero. Natutunan nila ito sa karanasan ng mga taga-Kanluran kung saan umulan ng apoy sa loob ng dalawang araw dahil balitang inabuso ng mga kalalakihan doon ang ilang anghel na sugo ng isang diyos. Ginahasa raw ng mga taga-Kanluran ang mga anghel na nagkatawang tao. Ayon sa isang saserdote, nagbunga raw ang panghahalay at sila ang naging mga mga ninuno ng mga taga-Timog.

Ayon naman sa tala ng isang pantas, wala namang ulat ang mga kawal ng anumang pagnanakaw sa mga templo o lasing na nagwala sa bahay ng mga saserdote, kung kayâ hindi rin maaaring ipagpalagay na galit ang kanilang mga diyos sa lungsod. Kayâ nagpasya ang mga pantas na maghintay pa ng ibang signos na magpapaliwanag sa bagong sakit na lumalaganap sa lungsod.

Binalikan ng mga saserdote ang kasaysayang ng mga salot. Na noong mga nakaraang henerasyon may nangyari na ring mga pagkalat ng kakaibang sakit, epidemya, delubyo, giyera. Naroon ang paglusob ng mga palaka at ang pagkakaroon ng mga kulugo at di nakaligtas maging ang mga pantas.

Ngunit ang lahat ng ito'y nabigyan ng lunas. Noong nakaraang taon din nagsimulang magkaroon ng kakaibang sakit ang ilan sa mga kawal. Unti-unting naagnas ang ilan sa kanila ngunit walang maramdamang sakit ang balat o ang buong katawan. Maging mga langaw ay hindi lumalapit sa mga sugat na hindi naman nangangamoy ng pagkabulok. Ang sabi ng isang saserdote marahil kaloob nga ng isa sa kanilang mga diyos na labis na nasiyahan sa ginagawang pagbabantay ng mga kawal sa buong lungsod. Kung kayâ matapos maagnas ang buong katawan, sa halip na ilibing ang mga bangkay, kinolekta ng ilang mamamayan ang mga labi ng namatay na kawal na pinaniniwalaang may kakaibang bisa upang gamutin ang anumang karamdaman. Maliban na lamang sa bagong epidemyang dumating kasabay ng pagtubo ng mga balahibo sa pisngi ng buwan.

Ito ang mga simtomang unang makakaramdam ang tao ng kakaibang sakit sa bahaging likod na parang pinapasan ang isang mabigat na kahoy hanggang sa umabot ang sakit sa ulo at tila may koronang tinik na ipinuputong at lumalagos ang tinik sa bungo. Ngunit panadalian lamang ang ganitong makiroto na pakiramdam hanggang sa lumabas ang mga sugat sa iba't ibang bahagi ng katawan: sa tuhod, sa palad, sa tagiliran, sa noo, sa paa. Dudugo ito ng ilang minuto, ngunit walang anumang sakit na mararamdaman. Ngunit ang higit na inuusisa ng lahat ay ang hindi nila pagkakaroon ng kahit anong pilat pagkatapos magpakita ng mga sugat. Walang pilat na iniwan ang mga sugat. Walang ebidensya. At dahil

walang pilat, kinalaunan hindi na lamang pinansin ng mga tao ang bagong kumakalat na sakit.

Magpapahinga lamang sila ng isa o dalawang araw at babalik na uli sa kanilang mga gawain. Ang iba nga sa kanila, nagkunwaring dinatnan ng ganitong sakit upang makapagpaliban sa kanilang mga tungkulin at gawain. Kinalaunan, ipinagpalagay ng mga pantas at saserdote na ito’y isa lamang sa mga hiwaga ng Hilaga. Hanggang sa makalimutan nila ang epidemyang dumating noong biglang naging hawig sa rambutan ang buwan at dumilim ng tatlong araw. Nagpatuloy ang matiwasay na buhay sa lungsod. Walang dahilan para matakot sa epidemya. Walang epidemya.

Isang araw ginising ang buong lungsod nang magkakasunod na sigaw at iyak ng pagkatakot ng ilang mamamayan, maging ng ilang pantas, saserdote at kawal. Sinundan pa ito ng magkakasunod na hiyaw ng mga taong nagising na rin dahil sa iba pang madamdaming hagulhol. Umalingawngaw ang panaghoy ng buong lungsod na narinig pa raw ito sa Timog—inaasahan na ang ganitong pahayag dahil sa tuwing may magaganap na kakaibang pangyayari sa Hilaga laging iniuugnay ito sa Timog.

Nang umagang iyon nang pagharap ng mga babae sa kanilang mga salamin, nakita nila na puno ng sari-saring pilat ang kanilang buong

katawan. Ginising nila ang kanilang mga magulang, asawa't anak at parepareho ang kanilang nakita. Lahat sila'y may pilat. Maging ang mga hindi nanalamin, napilitang tumingin upang tunghayan ang kanilang mga sarili at nakita nga nila ang mabilisang pagbabagong-anyo ng kanilang mga balat. Iba't ibang mapa ang tumubo sa kanilang mga katawan. May mga pilat na nakapagpakulubot ng balat, nagpabanat at nagkulay itim o pula o mangasul-asul. Mga markang walang kahulugan dahil wala itong pinanggagalingang sugat. Wala silang maalalang malalang sakit, o simtomas, o sugat kung saan nagmula ang mga pilat na tumubo sa kanilang mga katawan. Tinangka nila itong gamutin ng isang langis mula sa templo ngunit wala itong bisa. Pinapakinang lamang ng oloyo ang kanilang mga balat na tadtad ng mga pilat.

At dahil wala namang nararamdamang sakit ang mga tao o pangangati sa pagdating ng mga pilat, muli silang pinagsabihan ng mga pantas na huwag mabahala dahil sa salamin lamang naman nila nakikita ang mga pilat. Kung kayâ ipinagbawal ng mga pantas ang paggamit ng anumang uri ng salamin. Kinolekta ng mga kawal ang lahat ng mga salamin sa lungsod at nagtakda sila ng araw para sa sabay-sabay na pagsira at pagsunog ng mga salamin sa loob ng isang templo ng isang diyosa.

Nagpakatay ng ilang toro, asno at kordero para sa liturhiya. May ilang mayayamang taga-Hilaga ang nag-alay ng insenso at namudmod ng pilak.

Inilabas ang mga gintong plawta at tambol ng mga musikero. Nagsayaw ang mga dalaga't binata sa harapan ng mahabang piging. At mula noon, ipinag-utos ng mga pantas na bawal na ang pag-aari ng anumang uri ng salamin. Sa halip tatanungin na lamang ng isa ang isa tungkol sa kanyang anyo.

Kinaumagahan, matapos malagok ang pinakahuling patak ng alak, bumalik na muli ang mga tao sa kanilang mga sari-sariling buhay. Itinago ang mga instrumento. Isinilid ang mga natirang insenso. Nag-aral na muli ang mga pantas ng dekalogo at bumalik sa kanilang mga panalangin ang saserdote. Muling ipinagpatuloy ang paglilok sa isang estatwa. Nilinis ang templo. May nagtanim ng mga bagong punla at nag-alay muli ng panibagong tupa para sa diyos ng pagsasaka. May nagsulat ng tula para itala ang masayang pagdiriwang ng pagsusunog ng salamin.

Ngunit ilang buwan lamang ang nakalipas nang may ilang babaeng naghanap muli ng kanilang mga salamin at may mga batang hindi makatulog tuwing gabi dahil nakagawian na nang mga ito ang pagtingin sa salamin bago humimbing. May ilang mga dalaga't binatang hindi na rin makakain dahil hindi nakakapanalamin. Napagod ang marami sa kanila sa pagtatanong tungkol sa kanilang mga anyo. Nabagot sa pare-parehong sagot ng papuri sa kanilang panlabas na hitsura. Maging ang mga

saserdote'y nagkamali na rin sa pagsusuot ng kanilang damit at dumalang ang paglabas ng mga pantas.

Kayâ tuwing mamimilog ang buwan may ilang mga taga-Hilaga ang patagong pumupunta sa kanilang mga ilog o sa ilang mga birheng bukal upang tingnan ang kanilang mga sarili, upang aninagin ang kanilang anyo. Doon at noon nila nakita na maging ang buwa'y dinantnan ng mga misteryosong pilat.

At di nagtagal napuno ng bangkay ang kanilang mga ilog. Napakagandang mga bangkay. Tila mga natutulog lamang ang mga ito. Kumikinang ang kanilang balat parang mga bagong isdang nahuli.

Wala ni isang sugat. Wala ni isang pilat.

MILAGROS ANG PANGALAN NG HULING BAGYO

Agad na dumating ang mga ayuda pagkatapos ng trahedyang.

Bumili pa nga ang ilan ng mapa at sinuyod ang mga natabunan.

Pumunta ang media mula Maynila. May mga kasamang payaso
salamangkero at mga artista. Ito ang mga kuwentong pumutok—

Nagbabagang balita: Sundalong nanligtas ng tatlumpong tao, patay,
itinaas ang ranggo. Isang artista ang hinimatay sa labis na lungkot at pagod.

Nakunan ng video. Sa dami ng lahar na binaba, muli na raw

na natabunan ang Cagsawa at minsan kahit sa pagbigay ng relief

may kasama pa ring pulitika. May halong mga maliliit na bato at apa

ang ipinamimigay na bigas at nagkukulay-kalawang na ang sarsa

ng rasyon na sardinas. Itinigil na ang paghuhukay dahil may ibang

mga bangkay na ang mga nahuhukay. Malamang mga rebelde.

May tsunami pang parating. Naglabas ang obispo ng oratio imperata.

Nang ang pangulo ang bumisita naging parang piyesta ang naging pag-abala.

Sinasabing tatlong buwan pa bago magkakakuryente lalo na sa mga lugar

na kakaunti naman ang botante. Samantala— sa pinakaulo ng mga balita,

sa isang evacuation center, may nakunang retrato ng mga uwak

na lumilipad sa paligid ng isang walang-ulong estatwa ng patron na santo.

Kung tititigan daw ang larawan may makikitang mukhang hawig sa Kristo

ng Turin. Nangangati ang mga bibig dahil sa maling pagluto ng laing.
May bangkay ng sanggol na hindi nabubulok. Nakilala na ang ilang bangkay.
Huwag siraan ang mga sundalo, ang pakiusap ng heneral.
Nagpadala ng mensahe ang Santo Papa.

Sabi ng para-santigwar, huwag itaboy ang mga uwak dahil ito raw
ang mga kaluluwa ng mga natabunan. Kung sabayang sumisiyap
ang mga ibon nag-aamoy bulok na bangkay ang paligid. Umuulan
ng parang balahibo ng uwak. Nang lumabas na ang retratong ito
sa dyaryo at internet biglang dumami ang mga dumayo.

At meron na ring matandang sinasapian at nag-boboses na parang uwak
tuwing a-kinsinas ng buwan. Nagsimula na ring magbenta ang mga bata
ng rosaryo, eskapularyo at mga estampita. Kaagad nagiging benditado
ang langis, mga alay na bulaklak, eskapularyo, at kandilang sinisindihan
at inilalagay sa paanan ng imahen. At ang hindi kailangang makalimutan,
hindi basta-bastang umaalis ang mga dumarayong peregrino
na walang dalang retrato katabi ang santong walang ulo.

ANG PARABULA Ng Uwak

Sa dulo ng bahaghari, natagpuan ng uwak ang isang isla ng mga bangkay. Putim-puti ang mga katawan na pinagpipiyestahan ng mga uod na nakaligtas sa pagkalunod. Marahan niyang tinuka ang isang uod, upang dalhin pabalik sa arko. Ito ang magiging ebidensya.

Humupa na ang tubig. Umaawit ang uod sa pagitan ng kanyang tuka, pinagpapawisan ito. Lumalabas sa balat nito ang kakaibang samyo na noon pa lamang naamoy ng itim na ibon. Nang biglang nalunok ng uwak ang uod. Saglit na pagkatakot ang dumagit sa kanyang puso kasabay ang pagsibol sa kanyang lalamunan ng panibagong gutom, kasabay ng pagka-umay sa buto ng isang halaman na ibinibigay sa kanya ng isang anak ni Noe. Lasang sariwang tubig ang uod.

Bumalik siya muli sa isla ng mga bangkay, at paulit-ulit na tinangkang maghatid ng uod sa arko. Ito ang kanyang ebanghelyo.

Ngunit laging niyang nalulunok ang uod, marahil dahil sa hangin, o dahil sa boses ng uod o layo na ng arko o kayâ sa kakaibang tamis na dala ng pagkahig, pagtuka at paglunok na agad na pumapatid sa kanyang apatnapung gabi ng pagkauhaw. Sa paulit-ulit na pagbalik naging

pananadya na ang kanyang sadya. Binibiro niya ang kanyang sarili sa kanyang bagong buhay, bagong paglalaro.

Ito ang unang biyaya ng delubyo.

Hanggang sa tuluyan niya nang maubos ang mga uod kayâ nagsimula siyang tikman ang natitirang laman ng mga bangkay. Higit siyang nasiyahan sa lasa ng mga butod na katawan. May kakaibang lakas at init itong inihahatid sa kanyang nagsasayelong puso. Napansin ng uwak na higit na kuminang ang itim niyang balahibo dahil sa bagong pagkain.

Habang kinakain ang isang mata, muling dumating ang malakas na ulan, at dagling natunaw ang bahaghari. Noon lumipad palayo ang uwak, at nagsimulang hanapin ang arko, naghanap ng maiuuwing ebidensya na ganap na tutupad sa kanyang unang misyon. Pumitas siya ng iba't ibang prutas, (muntikan pa siyang limang ulit na malason), kumuha ng ilang uri ng mapait at matinik na tangkay, hanggang sa magawi siya sa isang bukid, kung saan may palakad-lakad na inahin, kasama ang kanyang mga sisiw. Kumikinang na ginto! Dinagit niya ang isang sisiw na sa kalauna'y dahan-dahan niya ring kinain sa isang kuweba.

At tuluyan nang naligaw ng daan ang uwak. Kayâ isinantabi niya na ang pagbabalik. Sa kanyang paglililiwaliw sa sariling pagkaligaw, muli siyang

nakarating sa iba pang isla ng mga bangkay, marami pang bahaghari ang sumibol, at ilan pang mga bagong uri ng uod at sariwang laman na sari-sari ang lasa ang kanyang natikman.

Hindi na muling nagbagong anyo ang kanyang mga pakpak—kakulay ng gabi, mataimtim na itim.

At kapag dumarating ang mga gabing tila muling magbabanta ang napakalakas na ulan, napapaisip ang uwak sa kung paano niya mauubos ang buong mundo: ang mundong inuud, ang mundong punumpuno ng isla ng mga bangkay at sari-saring bahaghari. ‘Maaari kayang ang mundo mismo ang ebidensyang kailangan kong ipasok sa loob ng arko?’

Tuwing may bagong bagyo, humahapo ang uwak sa isang sulok sa isang limot na kuweba kung saan una siyang nakatikim ng sisiw. Putimputi ang paligid, kakulay ng mga unang bangkay na kanyang nakita. Pakikinggan ng uwak ang ugong ng hangin, para tantiyahin ang magiging biyaya ng pinsala, habang tila mula sa dulo ng lahat, mababanaagan niya ang isang hawig-sa-aninong paparating, papasok sa kanyang pinamumugaran, parang ang arko—palutang-lutang, walang laman.

ANG SAKSI AY EBIDENSYA AT NAPATUNAYANG NAGKASALA

Titigan ang mga mata ng nabubulok
na pinya. Salatin ang tuyong balat
ng palakang ginawang pitaka.

May mga bangkay na hitsurang talong
ang natagpuan sa luwasan. May mga nalunod
na mukhang singkamas ang kanilang mukha.

At may ilang labi na pinagtagpo-tagpo
sa isang hukay. Hindi matiyak ang bilang
ng mga bangkay gayong alam natin na ang sunod

sa isa ay dalawa, tatlo, apat, lima, anim, hanggang
mapagod tayo sa pagbibilang—tapusin ang taguan.

At ito lamang ang dumarami: nabubulok na laman.

Ginawa ang numero para isa-isa tayong mamatay.

Nanghuhuli ng butiki ang mga bata para ipakain
sa arowana. Piso ang bili sa butiki sa lugawan.

Sinasabi sa alamat na pinatay ng binatang
naging butiki ang kanyang nanay para ibigay
ang puso nito sa kanyang nililigawan. Kutoban:

na ang nanay ng butiki ay ang arowana. Pansinin:
hawig sa karit ni Kamatayan ang tandang
pananong. Pugot na ulo ang tuldok. Pugot na ulo

ang ulo ng balita Sabi: dating tenga ng reyna
ang sandok na ginagamit sa pagluluto ng tengang-daga.
Samantalang sa ating mga bundok patuloy na nananahan

ang haring higante na naghahanap ng kanyang makulay
na bahag, na kakulay ng bahaghari. Narito ang isang di-
inubos na mais mula sa kalsada. Maaaring gawa ito

ng isang batang naumay sa lasa o daga na biglang
ginambala kayâ di natapos ang pagsiba. O
maaaring ganito lamang ito, di nabuo ang buto.

Pansinin ang mga ngipin. Hanapin ang lihim
ng talim. Kailangang hulihin ang katuwiran

bago sumirit ang apdo sa dilim.

ANG KAHULUGAN NG HIMBING

Idinilat ng dalawang buwang sanggol
ang kanyang mata. Nabubuong anyo
ng mga magulang. Amoy pinaghalong
anghel at kahel ang paligid ng silid.

Nakikipaglaro ang dalawa sa kanilang
panganay. Halinhinan silang nakikipag-
ugnayan. Binibigkas ang mga kataga
ng pagtawag: *Maaa-mâ, Paaaa-pâ, Mâ, Pâ.*

Mapa. Nang mapansin nila ang lumalaking
pulang balat sa balikat. Ebidensya
ng pinaglihian: layas na mansanas,
ayon sa hilot. Patuloy sila sa kanilang
pakikipaglaro. Nagbibirong iniabot
ng ama ang kaniyang hintuturo.
Pinaikut-ikot ito patungo sa bibig
ng anak. May talim ang ngalangala.

‘Tumutubo na yata ang ngipin’, sambit

ng ama. Sinuway siya ng asawa—‘Madumi
kasi ang kamay mo.’ Kayâ kinuha ng ina
ang sanggol sa kuna at saka inilabas
ang kanang suso: itim na prutas.
Malambing niyang inilapit ang bibig
ng sanggol sa kanyang dibdib.
Ang utong na ito ang batong lumilikha
ng di pa matapos-tapos na kilapsaw:
ang panglaw sa mundo. Dito umiinog
ang lahat ng umaasang matutubos.

Naghuhugas ng kamay ang ama
sa baradong lababo. Napapamura.

Umaawit ang ina: ‘Salampating
guminaro, guminaro dahil sako.

Ano daw an ikinamundo
ta naglayog paparayo?’ *

Bumabalik ang sanggol
sa primodyal na dilim.

* Isang Awiting Bayan sa Bikol. Salin: “Maamong kalapati/ Dahil sa aki’y naging maamo/ Ano ang biglang ikinalungkot/ Dagliang lumipad papalayo?”

ILANG BAHAGI NG KATAWAN

I. Puso

Isinabit ng mga bata sa binubukbok na bintana
ang mga ginupit na puso para sa okasyon.

Dito magmumula ang kanilang marka

para sa Pebrero. Namumulaklak ang mga puno
ng raprap at sa lilim nito, nagpaparamihan
ang mga hagbayon nang mapupulot na basyo.

Matamang nakamasid ang militar na nagroronda
sa islang pugad daw ng mga rebelde at puganteng
may mga dyamanteng patong sa ulo. Pinipilit

hipan ang mga basyo. Gagawin itong silbato.

Habang inaasinta ng isang bagitong sundalo
ang mga nakasabit na puso. Tumitiyempo.

II. Daliri

Kinasuklaman ko kaagad ang angking kagandahan

ng ilang bagay: katulad ng mga rosas na itlog

ng kuhol sa palayan na paisa-isa kong pinisa.

Nakakatakot ang kanilang pagdami

at dahil noon pa man inasam ko na,

balng araw makakakita akong mga kaluluwa

o kaya'y pulutong ng mga anghel na kuhol

na mag-aalsa ng digmaan laban sa akin.

Ngunit malamang walang itinitira

ang kanilang kamatayang aking kaloob.

Walang silbi ang kahit anumang labi.

Walang halaga ang kahit anumang labis.

Walang birtud sa aking pagmamalabis.

Ganoon pa man pinaghandaan ko pa rin

ang sandaling pakikipagtuos sa inaakalang hukbo.

Kung kayâ tinipon ko ang mga tinik ng makahiya,

na sa unang pagkakataon ay inakala kong—

isang halamang-hayop. Nakakaramdam at nagkukuyom

ang mga ito sa bawat pagdantay, at noon ko ipinagpalagay

na may taglay ngang kapangyarihan ang aking mga daliri

na kaya ring maging aso, ibon at kuneho ng anino nito.

Simula noon kinilala ko isa-isa ang aking mga daliri.
Ginawa ko silang mga kawal ng nagbabadyang digmaan.
Ipinagbawal ko ang pagpitas ng kahit anong bulaklak,
lalo na ang mga namumukadkad sa tuwing alas-dose ng tanghali.
Itinuro sa hintuturo na hindi lahat ng dapat ay maaari.
Mariing tinanggihan ang singsing
na magtatali sa akin sa isang inaalok na pag-ibig.
Bawal ang pagkulay sa kanilang mga kuko
at sa halip ginawa ko itong mga buto, mga kalasag.
Tinuruan ko silang ituring ang bawat isa bilang kapantay.
Walang hinlalaki. Walang hinliliit.

Ngunit labis na tinik ang nalikom ng aking mga mga daliri
at ngayon sa huling sandali ng pakikitunggali
bigla itong nagkuyom, isang patay na kamao, semento.
Kung mamarapatin mong buksan ang aking palad,
dahan-dahanin lamang, marahang isa-isahin
ang mga daliri parang nagbubunot ng mga talulot—
Pakiusap: baka sumugat ang mga tinik ng makahiya
at mapisa ang ilang mga nalalabing rosas na itlog:
tanging ito na lamang ang mga huling bihag.

III. Suso

Biro ng mga tambay sa akin noon madalas daw gawing baging ni Tatay ang mga suso ni Nanay kapag nagtatalik sila. Pambihirang dibdib, kung saan din ang bibig ko'y unang namugad.

Ano ba ang lasa ng gatas ng tao? Sinong makakapagsabi?

O wala akong maalalang lasa dahil lumaki akong gustong isubo ang lahat, papasok sa akin. Dahil baka rin lang, ganito ako nabubuhay— walang puknat kong hinahanap ang lasa ng gatas mula sa mga susong iyon sa lahat ng aking kinakain—mula sa kanin, sa hostiya, sa gata, sa lamang-loob, pati sa adobong salagubang at burong talangka.

Hanggang sa dumating itong isang tusong panahon, na minsang itinuro sa akin nang di na nga maalalang pangalan, ang sikreto ng mga santan na agad-agad kong pinitas at sinimulang gayahin ang maselang pagsipsip. Matamis ang lumabas na katas mula sa karaniwang bulaklak na iyon, humalo ang nektar sa kakaunting laway.

At panahon iyon na inisip kong mas mabuting naging paru-paro na lang ako, o kaya'y kasapi ng lehiyon ng mga putakte, kaysa naging tao, kaysa naging ganito. Panahon iyon na maaaring hinangad kong muling mamugad sa dibdib ng Nanay.

Sa bulaklak ding iyon, sumibol ang aking unang pangangailangang
magsinungaling. Dahil minsan, tinulak ako ng dibdib at hindi ako nakabig
ng bibig kayâ nadapa ako't nakagat ang labi. Gaya nang kinasanayan, sinipsip ko
kaagad ang sariling dugo. Hindi ako natinag. Hindi ako umiyak. Kagat
ng langgam lamang ito.

At sabi ko sa aking kababata na nakakita sa aking pagkadapa: matamis
ang aking dugo, lasang gatas, lasang santan.

IV. Bituka

'Malayo sa bituka.' Hindi maunawaan
ng asawa ang sinabi ng kanyang bana
nang ibalita niyang dalawang buwan
na siyang buntis at tila pinaglilihian
ang ilang magagarang estatwa sa kapilya.

V. Palad

Palo sa puwit gamit ang balâ ng niyog ang kapalit kung mahuling tumatakas
tuwing tanghali. Ang mga bata'y dapat nasa loob lamang ng bahay.
Nakakapatangkad ang pagtulog sa hapon. Kung magbibilad sa araw,
darami ang kuto. At kapag naging isang hukbo ang mga parasitiko
ililipad ang sinumang paslit patungo sa bunganga ng Mayon.

Ngunit sa ngalan ng kamyas na madalas naming kainin basta't
may kasamang asin, sinusuhay namin ang lahat ng bilin.
At upang takutin, pinagsabihan kaming ang sobrang kain
sa bunga ay nakakaputi ng dugo, nakakabutas ng sikmura
at nakakapalambot ng bungo. Nag-aabang na rin ang mga arakiak
at unгло, o baka makuyog kami ng mga bubuyog.

Tumatakas pa rin kami at madalas kaming natitiktikan ng kasambahay.
Hahabulin niya hanggang sa marating namin ang di ginagamit na amatung
ng baboy sa kuntod. Doon kami magtatago. Tahimik katulad ng mga puntod.
Sa mga sandaling iyon, nagiging singtamis ng mansanas ang mga kamyas.
Naglalasang arnibal ang bawal.

Marahil dala ang pambihirang lasang iyon ng aming wala-pa-sa-loob
na mga alalahanin at ang panahon ay nasa natutunaw na asin
sa aming pinagpapawisang mga palad.

DITO

I.

Labas-masok ang mga kargador sa pantalan.

Nag-uunahan ang mga paa sa pagdiskaraga
ng mga kakailanganin sa piyesta.

Kailangang makaalis ang baroto
bago pumatak ang alas-otso
nang di abutin ng pag-aati ng dagat.

Bawat minuto ng pagkaantala
sumusulpot ang Roca Encantada—
ang islang batobalani na kinakatakotan
maging ng mga oragon na timoner.

Sumasama sa hangin ang maliliit
na buhangin at kumakapit sa buhok.

Tumitilamsik ang mga alon
sa balat ng mga pasahero
at nagiging bubog ng mga asin.

Ganito nila hinahabol ang oras.

Ganito sila hinahabol ng oras.

II.

Ang nalunod na bangkay na ating sinisilip sa loob

ng puting kabaong ay parang buwang pilit

na sinasalok mula sa napakalalim,

napakalinaw na balon.

*

Ang balong ating sinisilip sa loob

ng puting sasakyan ay may mukha na parang

sa buwan— napakalinaw, napakalalim

ng kanyang pagkalunod higit sa nasalok na bangkay.

*

Ang buwang na ating sinisilip sa loob

ng puting silid ay parang nalunod na bangkay

na hindi natin masalok-salok

mula sa napakalalim, napakalinaw na balon.

III.

Tuwing tag-ulan napupuno ng mga patay

na palaka ang kalsada. Kailangan ng ang mga ito'y

makatawid nang matuwid sa matubig na lugar.

Likas na batas ang paglikas kaya marami pa rin sa kanila ang nakaliligtas. Sa magkakasunod na gabi, maririnig ang isang orkestra ng mga palaka, nakaplakang tinatawag— ang lahat ng mga duwag.

IV.

May isang baguhang payaso sa sulok. Nag-aabang ng pagtawag sa kanya. Ito ang dapat na gawin: Kunin ang isang dos por dos at saka piringan ang mata katulad ng babaeng Libra. Lumakad papunta sa palayok habang inaasinta ang pagpalo dito.

Kaunting katuwaan lang. Kinakailangang huwag kaagad tamaan ang palayok na may laman. Magkunyaring naliligaw ng direksyon habang iwinawasiwas ang hawak na kahoy: mag-ingat.

Kung malapit na sa palayok, dalawang beses na dapat na muling magkamali. Pakiramdaman ang pananabik ng lahat. Huwag kalimutan magbilang ng hakbang. Pagkatapos ng lima hanggang pitong minuto

dapat na mabasag na ang palayok. Inaasahang mag-aagawan ang lahat sa laman ng loob. Agad na alisin ang piring sa mata. Tandaan: kahit na nakita kung sino ang nauna, huwag kailanman mamagitan sa sinumang

mag-aaway dahil sa isang piraso. Ipagpatuloy ang sunod na laro sa paglabas ng mas malaki't kulay gintong palayok. Piliin at piringan ang sa tingin mong nadehado.

V.

Umuupo siya sa harap ng kanyang maliit na kahon mula alas otso ng umaga hanggang alas singko ng hapon. Dito niya inaabangan ang mga kustomer na magpapaayos ng relo.

May ilang relong di umaandar ang nakasabit sa loob ng kahon at ang mga bateryang kanyang ibinebenta. Kasamang nakadikit sa loob ng kahon ang isang 1983 na pampitakang kalendaryong may larawan ng birhen.

Habang hinihintay ang huling kustomer, hindi siya makatitiis na di tumingin sa isa sa mga sirang relo. At tila maalimpungatan at tahimik na mapapatawa sa pakiwaring saktong-sakto sa ipinapalagay na tamang oras ang sinasabi palagi ng mga patay na kamay—5:05.

VI.

Punerarya ang terminal sa mga madaling-araw.

May amoy ng pormalin ang hangin. Animo'y
mga sepulterero ang bawat pasahero.

VII.

Pagpasok na pagpasok sa silid na ito
na madalas ko nang ginagawa nitong huli

na parang pusang natututo muling umuwi
sa bahay ng kanyang tagapag-alaga—

Muli kong tinitingnan ang dating ilaw,
sahig, kama, banyo, bibliya, maliit na aparador

na para akong piping imbestigador
ng isang 'di kapani-paniwalang krimen.

At parati akong lumilingon upang tawagin
ang Boy na laging mabilis kung umaalis.

VII.

Tatlong linggo matapos pitasin ang mga bunga sa puno

at dumanak ang mga dagta— namahinga ang mga ito
sa isang estante. Nanunuot ang kalburo sa laman.
Pilit na pinatatanda ng init ang mga bungang hilaw,
pinapanipis ng apog ang balat: lantang dilaw
ang kulay ng mga saging, may abo sa puyo ng abokado,
nakukumutan ang manibalang na papaya. Pinipiga nito
ang natitirang asim sa kaloob-looban ng mga ligaw na dalandan.
Pinapalitan ng tindera ang pundidong pulang bombilya
habang nagmumura nang nagmumura.

ANG LUNGSOD Ng Jerusalem

Sasalubungin ako ng mga anghel na mistulang magkakamukha.

Kung dahil sa labis na galak ng aking pagdating

kayâ nakabukadkad ang kanilang mga pakpak,

na parang nakatirik na ari, hihingiin kong itikom ito

nang panandalian dahil sadyang hindi ko gusto ang balahibo.

Sa aking pagpasok, tatayo sila nang sabay-sabay

at magsisipagbabaan ang mga birhen na iisa ang tabas ng itim

na buhok, kulay berde at asul ang mata at sila'y aawit kasabay ang koro

ng mga kerubim. Maghahalo-halo ang tunog ng gitara na ipinagbawal

patunugin sa mga katedral, mga byulin na yari sa bahay ng pagong,

at isang di pagkaraniwang instrumento na wala pa sa mundo.

Magpipiyesta ang langit sa aking pagdating.

Isang makasalanan. At sa piging paliligiran ako ng iba pang banal

na sabik na marinig ang aking kuwento.

Kung paano ko napagtagumpayan ang tukso ng puso,

ang kapritso ng laman. Hindi sila maghihikab dahil sagrado

ang hapag. Pipilitin nilang idilat ang kanilang mga bagot na mata

sa pakikinig sa aking kuwento na parang pelikulang napanood

na naming lahat sa mga lumang sinehan.

Wala sa kanilang tatayo at aalis bilang paggalang sa akin
na bagong dating at kapag nasaid ko na ang alak sa kalis,
ibibigay nila ang bago kong damit, na yari sa tae ng isang insektong
mula sa isang lumubog na isla lamang makukuha. Bibihisan ako
ng mga birhen sa itinakdang silid at sabik na titingnan nila
kung may nadala akong bahagi ng aking katawan mula sa lupa.
Maaaring mag-agawan sila ngunit mananaig ang puspos na pag-ibig
at maghahawakan na lamang sila ng kanilang mga pisngi, buhok
at suso sa aking harapan.

Aakayin nila akong palabas sa silid, samantalang magliligpit
na ng aming pinagkainan ang ilang santa na panandaliang ititigil
ang paglaro sa mga bagay na ginamit upang gawin silang
mga martir: gulong, itak, isang maliit na tore.

Mag-eensayo na muli ang koro at ang mga anghel na sumalubong
sa akin ay magsisimula nang maghabi ng mga bagong damit.
Sabay-sabay silang magsasalita at aatasan nila ako na pumunta
sa bukana: Magbantay sa pagdating ng nobyo. Mula roon, makikita ko
ang isang mahabang pila ng kawalang hanggan—

VENI CREATOR

Magsisimula ang katapusan ng mundo sa maalamat na bunganga ng Mayon.

Kukulog sa loob ng kanyang dibdib. Aabot ang lakas nito hanggang sa pusod ng dagat. Sa kanyang tagiliran, tubig at hangin. Sa kanyang bibig, lupa at apoy.

Ito ang mga sandaling muling lulukob ang espirito ng mga elemento.

Walang bisa ang anumang pagsuko. Isusuka ng lupa ang alay na alak.

Ipagkakalat ng hangin ang kaloloob-looban ng laman. Isusulat ng tubig ang kasaysayan at ang apoy ang tatayong butod na hukom. Walang matitira sa tirahan. Walang dahilan para tumahan. Pampalubag-loob ang sinasabing magiging madali at mabilis ang lahat. Katulad ng pagsusunog ng isang manuskrito ng mga rawitdawit ng pag-ibig o ang pagtingin ng petsa sa kalendaryo.

Panandaliang sulyap ang wakas ng lahat. Parang pagkuha lamang ng retrato.

Walang bisa ang ating mga mutya sa bagsik na muling gagapang sa ugat ng mga naglahong Yawa. Gagapang ang anghel ng kamatayan na parang aswang sa silong hanggang sa muling magmulto ang mga itim na bato, mga pugot na ulo ng tao na pinagpatong-patong: ang nalalabing bahagi ng kampanaryo.

Tingnan mo—naghahakot ang ilang trak ng mga grabang dadalhin sa lungsod.

*

Sa kabila ng balita na may nagbabadyang kambal na bagyo
ang dadalaw, sa harap ko ngayon ang kulay asul na paligid:
magkakaterno ang damit ng dagat, bulkan at langit.

Samantalang totoong maaaring umuulan na ngayon
sa malaking siyudad: kulay uwak ang mga ulap
at walang puknat na winawakwak ang lahat ng kongkreto.

Lumalabas ang di maintindihang amoy ng pinaghalong alimuom
at asido sa aspalto. Sinusuka ng mga gusali ang apdo papunta
sa mga pusali't imburnal at ito ang makapangyarihang grasya
ng grasa na nagbabanlaw sa laksa-laksang bangungot ng lungsod.

At malamang lamog na makopa ang langit sa ibang panig
ng mundo kunsaan umuusok pa rin ang huling bombang
pinakawalan at ang yapak ng kombat ay nag-iiwan ng parang
kalansay ng isang suanoy na hayop: bagong mapa.

Napakapayak at tiyak ng labi ng pinsala.

Ganito ko na marahil tinatanggap ang ilang katiyakan,
sa kung ano ang pahiwatig ng mga ulap na naghuhugis laruan,
salamon, bukas na sugat o kaya'y mukha ng birhen—
malamang sabihing isa itong aparisyon at naghahangad
ang Mahal na Ina na ibaba ang tuwison sa kolehiyo.

Tiyak na mapapangiti tayo sa ganoong uri ng mga himala

na hitik naman sa bayang ito na nakikita o nagpapakita ang banal
sa takong ng sirang sapatos, sa kinakalawang na yero, sa pulang sahig,
sa isang tansan, sa pagawaan ng mga sirang telebisyon, sa sira-sirang
pisara, sa balat ng matandang puno, sa kuko ng pusa, sa rabaw ng mababaw
na ilog, sa tubig ng isang inidoro sa isang bahay-aliwan at maging sa punso.

Naririto ang mga balitang pumapanig at naglilingkod sa lahat
maliban sa sarili kong litanya ng mga pagdududa, sa kulo
sa aking loob, sa di matarok na paghihinala sa mga himala.

Kaya hinihiling ko na huwag nawa akong panawan ng pananabik,
na maramdaman ko ang pinakamakirod na pagsasaling na bubulag
sa akin, palayo sa lahat ng paliwanag, dahil marahil ito lamang
ang magsisilbing lunas sa aking mga agam-agam at pagkabalisa.

Hinihintay ko pa rin ang paghahalu-halo ng pitong kulay ng balangaw.